# 1

Dumukwang si Allison upang kuhanin ang susi sa ilalim ng flower pot. Ang sabi kanina ni Shelly sa telepono ay naroon daw ang susi ng villa. At nang maiangat niya ang paso, napangiti siya at inabot iyon. Matapos ang ilang segundo ay nasa loob na siya ng bahay.

Malinis ang nasabing bahay-bakasyunan kahit alam niyang walang masyadong nagpupunta roon. Nasa outskirts iyon ng Batangas City at paminsan-minsan na lang nagagawi roon ang pamilya ni Shelly. Malamang ay lagi iyong nililinis ng katiwala. O baka sinabihan ito ni Shelly na maglinis para sa pagdating niya. Mukhang bagong palit ang mga kurtina. Wala ring maaaninag na alikabok sa mga muebles. Pupusta siyang puno rin ng supplies ang ref at pantry. Napangiti at napailing siya sa sarili.

Binitawan niya ang handle ng maleta at ibinaba ang dalawang duffel bags sa sahig. Nagpilit si Shelly na sunduin siya ngayon pero mas gusto niyang mapag-isa muna sa araw na ito.

Ngayon ang death anniversary ng mga magulang niya.

Humugot siya ng hininga, malakas na tinapik ang dalawang pisngi at malalaking hakbang na tinungo ang pasilyo papunta sa mga kuwarto. Nadaanan niya ang larawan ng mga Castello sa pasilyo pero hindi niya muna pinansin ang mga iyon. Gusto niya munang hanapin ang silid na puwede niyang gamitin bago ang lahat.

May anim na silid-tulugan ang villa. Ang masters bedroom para sa mga magulang ni Shelly, tatlo para sa magkakapatid at dalawa para sa mga bisita. Matagal na mula nang huling pumunta siya rito, eight years to be exact. Kaya naman medyo nakalimutan na niya kung nasaan ang mga guest rooms. Napagpasyahan niyang buksan na lang ang mga silid na nadaraanan upang makatiyak.

Pinihit niya ang seradura ng unang pinto sa pasilyo at napangiwi.

Sinalubong siya ng matingkad na pintura sa dingding. Loud orange, deep blue at black ang tones. Maraming band posters na nakapaskil at may naka-install na sound system. May mural ng isang lalaking may kasamang leon. Isang tao lang sa pamilya Castello ang posibleng may-ari ng silid na ito.

Si Sebastian—Marcel Castello—ang pangalawang anak ng mga Castello.

Agad na lumukob sa kanya ang pamilyar na pag-iinit ng dibdib nang maalala ang kuya ni Shelly.

Si Sebastian, ang laging nakangiti, ang maingay at laging tumatawang si Sebastian. Isang imahe ng lalaking may itim na itim na buhok ang dumaan sa kanyang isipan. Sumilay ang isang ngiti bago pa niya mamalayan.

Bago pa siya makapag-isip ay nakahakbang na siya papasok sa silid. Pakiramdam niya ay tumapak siya sa loob ng isang time machine. She suddenly felt like a teenager again, crushing on the most handsome boy she had ever seen.

Halos nakikini-kinita niya si Sebastian sa kama nito, tumitipa sa gitara nito—hubad-baro. Minsan niya na itong nakitang walang pang-itaas—noong magpalipas siya ng gabi kina Shelly noong mga teenagers sila. Muntikan na siyang atakehin sa puso nang masilayan ang six pack abs nito at sa kanyang pagkapahiya, tinawanan lang siya ni Sebastian at masuyong ginulo ang kanyang buhok. Pakiramdam niya ay tuta ang tingin nito sa kanya.

He had never taken her seriously; worse, he probably didn't even know she existed, not as a woman anyway. Kahit na siya ang best friend ng kapatid nito, malamang ni hindi nito maaalala ang

pangalan niya. Too many people had always been around him. Imposibleng mapansin nito ang isang boring na taong kagaya niya.

But she had loved him since she was eleven. Nang pumasok ito sa ward ng cancer patients noong seventeen ito, parang bugso ito ng liwanag sa mundo niya at ng mga kapwa niya pasyenteng naroon. She had loved him since then.

Ngumiti siya sa alaala at marahang hinaplos ang kubrekama nito. Pagkatapos ay natigilan siya.

"Oh my God!" Tumawa siya.

Ano ba'ng ginagawa niya?

She was acting like a creepy stalker. Kulang na lang ay humiga siya sa kama nito at amuyin iyon. Umiling siya sa sarili at itinigil ang paghaplos sa bedsheet. Sandali siyang tumingin sa paligid para siguraduhing walang ibang tao roon na nakasaksi sa ginawa niya. Pagkatapos ay tumawa ulit siya, umiling sa sarili at agad na lumabas sa silid ng lalaki.

Isinara niya ang pinto at bumuntong-hininga. Naglakad siya papunta sa kabilang silid.

It was just a silly crush. Hindi na siya ang labing-isang taong gulang na batang babaeng may katabing

*SpongeBob* stuffed toy sa pagtulog. O ang payatot na teenager na tila hihimatayin kapag nakikita si Sebastian.

Alam niyang malayo na rin ito sa lalaking naaalala niya. Walong taon na simula nang umalis siya sa San Nicolas at marami nang nangyari mula noon. He was a man now, the vice president of *Castello Shipping Lines*. Magmula nang mamatay ang nakatatandang kapatid nito ay ito na ang namahala sa family business. Hindi na ito ang dating happy-go-lucky rock star.

Pero ayon sa kapatid nitong si Shelly, may isang bagay na hindi pa rin nagbabago. On and off pa rin ito at ang girlfriend nitong si Kate.

Umiling si Ally sa isiping iyon. Kailangan na talaga niyang itigil ang pag-iisip ng kung anu-ano. Hindi niya kailangan ng dagdag na sakit ng ulo. Pinihit niya ang seradura ng isa pang silid at sa kanyang tuwa, iyon ang guest room na ginamit niya dati. Pamilyar sa kanya ang kulay ng dingding. Wala masyadong nagbago sa villa at ipinagpapasalamat niya iyon. It was comforting to be surrounded by familiar things when so many things in her life had changed.

Tinawag siya ng kama at hinayaan niya ang

sariling humiga roon. Pagod siya sa biyahe mula Maynila at gusto sana niyang matulog muna. Pero maghahapon na at gusto niyang maglinis muna ng katawan bago siya makatulog. Gusto niyang malinis na siya bago niya simulan ang pagda-drama niya mamaya.

Sa isiping iyon, mabigat ang katawan na binalikan niya ang mga gamit sa living room upang dalhin sa guest room. Pumunta siya ng kitchen at gaya ng inaasahan, puno ng pagkain ang ref at mga shelves. Mabilis siyang gumawa ng sandwich at kinain iyon. Pagkatapos ay tinungo niyang muli ang kuwarto at hinubad ang mga suot. She needed a bath.

Nang sa wakas ay nalublob na ang katawan niya sa mainit-init na tubig, ipinikit niya ang mga mata at hinayaang dumaloy ang kanyang luha.

Ngayon ang unang taon ng pagkamatay ng mga magulang niya. Isang taon nang wala ang mga ito sa tabi niya, isang taon na niyang hindi nakikita ang mga ito. Inisip niya, sa susunod na taon, ganito pa rin kaya kasakit? Iiyak pa rin ba siya?

Nanginginig niyang niyakap ang sarili.

---

Hindi napasin ni Allison na naidlip siya. Marahil

ay talagang napagod siya sa biyahe at hindi nakatulong ang pag-iyak niya. Stressed din siya nitong nakaraang mga buwan dahil sa pag-uwi niyang ito sa San Nicolas. Sobrang naging abala siya nang nakaraang linggo sa pagtulong sa teacher na papalit sa kanya sa daycare na dati niyang pinapasukan.

Bahagya niyang inangat ang sarili mula sa tub. Malamig na ang tubig. Kailangan na niyang magbanlaw—

May kumaluskos sa labas ng banyo.

Marahas na umangat ang kanyang ulo sa direksyon ng pinto. Humigpit ang hawak niya sa gilid ng tub at bago pa siya makatayo, pabalandrang bumukas ang pinto.

Tila umakyat ang lahat ng kanyang dugo sa ulo at kumabog ang kanyang puso. Hindi siya makagalaw sa pagkakalubob sa tub, tila may yelong dumaloy sa kanyang mga ugat, at nanigas ang kanyang buong katawan. Malalaking mata siyang napatitig sa lalaking nakatayo sa pintuan.

He was a familiar face and a stranger at the same time.

Kilala niya ang anggulo ng mukha nito, ang aristokratikong linya ng ilong at panga. They were

sharper now, more sculpted than they had been eight years ago. It was the same sensual mouth, the same honey-colored eyes. Naroon pa rin ang itim na itim at tila kay lambot nitong buhok na matagal na niyang gustong suklayin ng kanyang mga daliri. Ito pa rin ang guwapong mukha na pinagpapantasyahan niya mula noong labing-isang taong gulang siya.

It was him… and not him at all.

His sensual mouth still looked soft, but there was a hard set to his jaw that told her he didn't smile much now. Every angle of his face looked hard and strong; erasing all the traces of the boyish charm she'd loved so much. His eyes didn't have the laughter she remembered. They were dark and intense as they looked at her now, roving over her naked body with a hard glint that had her squeezing her thighs tight, shocked at the unfamiliar heat tingling deep between them.

Alam niyang kailangan niyang kunin ang tuwalya, o kahit papaano ay takpan ang sarili. Siguro dapat ay sigawan niya rin ito. Pero tila tinakasan siya ng lakas. Ang kaya niya lang gawin ay mahigpit na humawak sa gilid ng tub hanggang sa mamuti ang mga kamay niya.

"Who are you?" Malamig at paos ang boses nito

at tila may maliliit na boltahe ng kuryenteng dumaloy sa kanyang sistema. “What are you doing here? How did you get in?” Madilim pa rin ang mukha nito at tila itinutulos siya sa bathtub.

Ibinuka niya ang bibig para magsalita, ginagambala ng pinakamaliit na paggalaw ang tubig, at tila latay iyon sa kanyang napakasensitibong laman. Her skin felt so hot, and it was tingling despite the now cold water.

“I’m Allison. Allison Ortiz. I’m Shelly’s friend. She said I can use the house tonight.” Halos hindi niya nailabas ang mga salitang iyon.

His eyes remained hard and icy, but the dark intensity of his gaze could not be mistaken for anything else. He unapologetically caressed her breasts with those piercingly dark eyes, his jaw tightening when the already hard peaks swelled and puckered even more under the heat of his gaze.

Halos mapugto ang kanyang hininga at nahihilo siya sa bilis ng tibok ng puso niya. His lids turned heavy as his eyes travelled down to her flat stomach, down to the patch of curls between her legs. She almost moaned and arched her back, the tingling between her legs sizzling into a low burning heat that ached for something she did not quite understand.

His gaze was like a physical touch. She was breathless and heady. Her breasts felt heavy, her skin feverish, the flesh between her thighs swollen and slick.

Naglakad ito palapit sa kanya at halos panawan siya ng ulirat. Sa likod ng isip niya ay may nagsasabi sa kanya na may mali sa eksenang ito. Dapat ay kanina pa siya umalis sa tub, hindi niya ito dapat hinahayaang titigan siya nang ganito. Hindi niya ito dapat hinayaang makalapit pang lalo sa kanya. Alam niya, talagang alam niya. Pero nahihilo siya. Tila pumipintig ang lahat ng ugat sa kanyang katawan at parang umaakyat ang lahat ng dugo sa kanyang ulo.

"Get up," he ordered, his voice soft and silky. Nakatayo na ito sa tabi ng tub, nakatunghay sa kanya. He towered above her like an invincible Roman god.

*Heavens, ganito ba talaga ito katangkad?*

Inilahad nito ang isang kamay para abutin niya at nahihilo niyang tinitigan iyon.

"Get up," ulit nito, pero mas paos at mas mababa ang boses ngayon.

Wala siyang ibang nagawa kundi ang nanginginig na isilid ang palad sa kamay nito. His big, warm hand closed over her small hand, and images of him

touching the other parts of her body rushed through her mind. A fresh gush of liquid heat seeped between her womanly folds and to her horror, she imagined herself pulling his big hand and placing it between her legs, letting his fingers slide inside to ease the hunger burning deep within.

Marahan siya nitong hinila patayo. Pero tila kay bigat ng katawan niya, o marahil nanghihina lang talaga ang mga tuhod niya. Muntik na siyang mabuwal pero maagap nitong hinawakan ang kanyang baywang. His big hand felt so hot and rough against the skin of her back. Kahit ang damit nito ay tila napakagaspang ng pakiramdam sa kanyang balat. The tips of her breasts felt swollen and bruised as they brushed the fabric of his shirt. She almost whimpered, her flesh felt so sensitive it tingled to the slightest touch. His warm, male scent did not help. It surrounded her, blanketing her in a musky haze.

Nanginginig niyang itinaas ang tingin dito. It was impossible to mistake the hunger in his eyes, or the heavy hardness in his pants pressing against her abdomen.

Marahang bumaba ang kamay nito sa kanyang pang-upo, nangatal siya sa init ng palad nito sa kanyang basang balat, dinama nito ang kanyang

pang-upo at hinapit siya sa katawan nito.

Sa kabila ng damit ng lalaki, ramdam niya ang init nito. He was so hot and so hard. All her nerve-endings sizzled, sending a rush of erratic heat blazing down to that pulsing ache between her legs.

"Allison, do you want a good time?" His hot breath fanned her ear and she failed to suppress a moan.

His other hand skimmed her rib cage, his rough palm sending goose bumps across her flesh. He cupped one heavy breast, squeezed the plump mound, his thumb grazing the taut peak.

"What do you say, Allison?"

*Ano ba'ng sinasabi nito?*

Hindi maiproseso ng utak niya ang naririnig. Lahat ng pandama niya ay nakatuon sa kamay nito sa kanyang dibdib, sa palad nito sa kanyang pang-upo, sa mabigat na pagnanasa nitong nakadikit sa kanyang tiyan, sa buong katawan nito na nakapagkit sa kanyang kahubdan. Hindi niya kayang mag-isip pa ng iba.

Inangat niya ang mukha, iniawang ang mga labi at nanghihinang tumitig sa mga mata nito. His

eyes seemed different now; they were cold and hard, burning with a dark desire. They were not the eyes of her sweet, childhood prince. They were the eyes of a man driven by desire.

"Please…"

His hazel eyes brightened as if fire was lit inside them, at bago pa siya makahugot ng hangin, bumaba na ang labi nito upang akinin ang bibig niya.

# 2

He tasted of something tangy and sweet. Wine, alcohol. Lasing ito. Sa likod ng isip niya ay napagtanto niyang amoy-alak nga rin ito. Hindi pa niya nasusubukang maglasing pero minsan na siyang napasama sa ilang mga katrabaho nang magpunta ang mga ito sa isang club. Ito ang amoy ng mga kasama niya nang maglasing ang mga ito.

Marahil dapat doon pa lang napagtanto na niyang mali talaga ang nangyayari. Having sex with *him* intoxicated meant that they would probably both regret this tomorrow. Pero kung tutuusin, mali talaga ang buong pangyayaring ito kahit na hindi pa ito lasing. They would both regret it tomorrow, period.

Yet, as his tongue found hers and the sweet taste of wine and something more potent spread throughout her mouth, she found herself wrapping her arms tightly around his neck, pushing her breasts harder into his chest, earning a growl from him.

“You taste so good,” he murmured, his lips suckling her lower lip.

Pinisil nito ang kanyang pang-upo at napadaing

siya. Humaplos pababa ang palad nito at hinila pataas ang kanyang hita. Napasinghap siya, napilitan siyang ipulupot ang binti sa baywang nito.

"Wrap your legs around me," usal nito sa kanyang mga labi.

Muli siya nitong siniil ng halik at hindi na siya nakaprotesta. His other hand released her breast, slid down to her waist, to her hips, and down to her buttocks. He squeezed the cheek of her ass before gripping her other thigh and hitching it to his waist as well. Sinalo nito ang kanyang pang-upo upang suportahan ang pagpulupot ng kanyang mga hita sa baywang nito.

Basa ang katawan niya at nabasa na rin ang lalaki. Nanunuot ang init galing sa katawan nito, tumatagos iyon sa nabasa nitong damit. Napapaso siya sa init ng kayakap na lalong umiigting ang napakasensitibo na niyang balat.

"Seb," she breathed, her fingers tangling into his soft hair. Mahigpit siyang yumakap dito nang maramdaman niya ang paglakad nito. She was wrapped around him, her breasts glued to his muscled chest, her long legs secured around his waist. She could feel his muscles moving as he walked; every small movement causing a wave of

tingles vibrating all throughout her sensitized flesh. The rough material of his pants rubbed against the swollen flesh between her thighs, making her gasp and wrap her legs tighter around him.

Muli nitong inangkin ang kanyang mga labi at nagpaubaya siya. Ginaya niya ang paggalaw ng dila nito at napaungol ang lalaki. She suckled his tongue and the taste of wine and something stronger filled her mouth again. It was his taste, Sebastian's taste.

"I want you," paos nitong sambit. Gumapang ang mga labi nito sa kanyang panga, sa kanyang leeg, pababa sa kanyang dibdib. Naramdaman niya ang paglapat ng likod sa kutson at napamulat siya.

His mouth found her breasts and gave both mounds long, hard licks. Ang tangi niyang nagawa ay mapasigaw at mapasabunot sa buhok nito. She felt his hot mouth closing over one breast, sucking hard, each deep suckle pulling a nerve down the throbbing heat of her core. His mouth crawled down her stomach, his tongue hot and rough against her heated flesh. Then he was there, his lips and tongue feasting on her most intimate place.

Ripples of white hot desire burned into her bloodstream. She cried out, her hips buckling, her fingers digging into the sheets. Hinawakan nito ang

balakang niya at madiing itinulak siya padiin sa kutson, pinipigilan ang paggalaw niya.

Many times in her teenage years and in her adult life, she had dreamt of Sebastian making love to her. Sa isipan niya, sa mga pantasya, it was slow and sweet, he would be nice and gentle and she would be smiling and dreamy. It would be just like a fairy tale—her very own.

There was nothing sweet and slow about this.

And this was certainly not fairy tale material either.

This was hot, primal and dirty.

His fingers dug into her hips as his tongue and lips played her with barely contained hunger. His soft licks and suckles were restless, feasting on her flesh as if she was a decadent treat. Heavens, she never dreamed of him doing something like this to her!

Muscles she never thought she had quivered, tightening into acute spasms of white hot bliss.

Nanigas ang buong katawan niya habang rumaragasa ang apoy sa buo niyang sistema. Masakit ang lalamunan niya dala ng pagsigaw, marahas ang kanyang paghinga, at basa na ng pawis ang kanyang

balat.

Halos wala siyang lakas para iangat kahit ang kanyang hinliliit. Para siyang manikang basahan na nakahimlay sa kama.

Narinig niya ang kaluskos ng tela.

Nanghihina niyang iminulat ang mga mata, sakto para makita ang pagbababa ni Sebastian ng zipper ng pantalon nito. Wala na itong pang-itaas, at mula sa liwanag ng buwan na tumatagos sa manipis na kurtina, naaninag niya ang matipuno nitong dibdib.

His skin was damp with sweat as well, making his chest glisten in the moonlight. His skin was bronze even in the pale light. He was beautiful in a dark, dangerous and purely masculine way. This was no longer the prince charming of her childhood dreams.

Gumapang ito pabalik sa kama, ang katawan nito, sadyang idinikit sa kanya.

His hands gripped her thighs, spreading them apart. Nanatili itong nakatitig sa kanya habang itinataas ang balakang niya.

Her mouth parted in a silent cry as he slowly slid inside her. Kumuyom ang mga palad niya sa kumot sa ilalim niya at parang sinisilaban siya. Her back

arched as his thick length filled her.

“Seb… Seb…” she cried, the muscles of her sex clenching around him exquisitely.

Bumaon ang mga daliri nito sa kanyang balakang at tumigil. Napadaing siya. She wanted him. She wanted him deep inside her, moving inside her, stretching her.

Nanginginig siyang napamulat at tinitigan ito.

Nakatiim-bagang ito at malalaking matang nakatitig sa kanya. May akusasyon sa madilim nitong mga mata at nanlamig siya.

“Seb—”

“You’re a virgin.” Tila lason iyon mula sa bibig nito. “You… f-ck!” marahas nitong mura at dumiin lalo ang mga daliri sa kanyang balakang.

Bigla siyang natakot.

*Oh, God, he’s going to pull out.*

“Don’t!” iyak niya. Iniangat niya ang balakang at pilit ipinulupot ang mga binti sa baywang nito. The movement drove his engorged shaft deeper inside her slippery channel. She gasped in mixed pain and pleasure.

Malutong itong napamura ulit at pilit pinigil ang balakang niya.

“Wait,” marahas nitong usal.

Umiling siya, ayaw niyang maghintay. He was going to pull out and stop. She didn’t want him to stop. Alam niyang nagiging makasarili siya, mababaw at padalus-dalos, pero gusto niyang ipagpatuloy ito. Kung aalis ito ngayon ay maiiwan ulit siyang mag-isa. Akala niya ay iyon ang gusto niya, ang mag-isang alalahanin ang mga magulang niya. Pero ngayon ay ayaw na niya. She didn’t want to be left alone again, not right now, not when it hurt so badly. She wanted to forget, even just for a while.

“Please, don’t stop,” she sobbed.

She rocked her hips against him, wanting him to start moving again. Pero muli ay pinigil nito ang kanyang balakang.

“Allison, wait,” he groaned. Kinalas nito ang mga binti niya mula sa baywang nito at ibinaba ang mga iyon sa kutson. He leaned down, his hard chest touching the tips of her breasts.

Marahan nitong hinaplos ang kanyang pisngi at tumitig sa mga mata niya. Tila nawala ang pagkalasing nito. His eyes were clear and soft, at sa

loob ng ilang sandali, tila nakita niyang muli ang Sebastian na kilala niya sa kanyang kabataan.

"You're crying. Did I hurt you that bad?"

Lalo lamang siyang napaiyak. Yes, this was the Sebastian she knew. The sweet, caring and thoughtful Sebastian who volunteered to read stories for cancer patients. This was the Sebastian she'd loved since she was eleven.

Marahil ay magkakaroon siya ng maraming problema dahil sa gabing ito. Pero sa huli, alam niyang hindi niya pagsisisihan ito. No matter what would happen tomorrow, she would treasure this one night with him.

Marahan siyang umiling at pinalupot ang mga braso sa leeg nito. Hinila niya ito palapit sa kanya.

"Please make love to me," pakiusap niya at inilapat ang mga labi sa mga labi nito. Hindi ito tumugon sa kanyang halik at naramdaman niya ang walang tigil na pagdaloy ng kanyang luha.

She supposed it wouldn't work. Maybe she was asking for too much. Nanginginig niyang inihiwalay ang mga labi rito pero bago pa siya makalayo, humigpit na ang yakap ni Sebastian at muli nitong hinuli ang kanyang bibig sa isang mapusok na halik.

He gripped her by the nape as his tongue slid inside her mouth. Umikot ang mundo at nahilo siya. His taste flooded her mouth in a dizzying rush.

He pulled out then, and when she was about to cry out in protest, he caught her mouth and pushed back to the hilt. She could feel him buried to the root. It was a strange sensation— to be filled so deeply and so completely. It was as if he owned her, his body leaving a trail of fire inside her as he moved in and out.

Natunaw ang lahat sa kanyang isipan.

The world became a jumbled mess; colors fused, whirled and exploded around her. She lost all sense of time and space. All she could feel, taste and hear was this man making love to her.

His hot skin burned her, his sweat mixed with hers, his hard, smooth body rubbed against her own. He moved inside her, his low groans vibrating against her chest. His mouth claimed hers in a kiss that was both tender and hungry.

“Allison,” he breathed against her lips, his movements turning rough and brutal. “Take me, take all of me.” He ground his hips to her until she could feel all of him, so deep and so hard, like he was

imprinting himself into her flesh.

Her inner muscles clenched and wept, quivering around the solid mass plunging in and out of her. He lifted her hips, making him go impossibly deeper. Then the pressure burst.

Nalunod ang sigaw niya sa halik nito at humigpit ang yakap nito. He raced toward his own release, calling her name against her lips.

# 3

Itinabing ni Sebastian ang braso sa mukha upang harangan ang sinag ng araw na sumisilaw sa kanya. Masakit ang ulo niya, he knew he shouldn't have drunk that much last night. Gumulong siya patalikod sa pinanggagalingan ng liwanag at humagilap ng unan. Pero imbis na unan ang mahagip, isang mainit at malambot na katawan ang kanyang nahawakan.

He froze.

Parang isang tren na nawalan ng preno, bumulusok pabalik sa kanya ang mga malalabong alaala ng nagdaaang gabi.

Kate's sex video leaked on the net. The fight with Kate. The break-up. Ang pag-inom niya sa bar. Ang pagmamaneho niya ng lasing. Muntikan na siyang nabangga.

Pumunta siya sa bahay-bakasyunan dahil ayaw niyang makita muna ang kapatid at ang mama niya. Sigurado siyang ipapamukha na naman ng mga ito kung gaano kasamang babae si Kate.

Noon niya napansin ang ilaw sa loob ng villa. At pumasok siya sa guest room.

At may babae sa bath tub.

Huminto ang mabilis na pagdaloy ng mga alaala nang dumating sa bahaging iyon.

The image of the woman soaked in the tub burned in his mind. For a moment last night, he thought he was seeing a ghost, an apparition of some sort. She looked so fragile and delicate lying there in the tub, her long hair curling around her face like brown silk. Her creamy skin was almost translucent in the harsh light of the fluorescent, and he found himself wondering if she would feel as soft as she looked.

Agad na tumugon ang katawan niya nang makita ito. He was only a man, and even a monk would get hard looking at the woman.

Mabibigyan niya ng dahilan ang reaksyon ng katawan niya.

Pero hindi ang mga sumunod na nangyari.

Bumilis muli ang pagdaloy ng mga alaala, pero hindi kagaya kanina, tila napakatingkad ng mga kulay ngayon. He could remember every detail with startling clarity. Her taste, the feel of her skin…

Tama ang hinala niya, she was as soft as she looked. The sound of her moans, the feel of her silken

heat clenching around him, greedy and hungry for him.

Napatiim-bagang siya at pinilit patigilin ang mga alaala. It was too late now, though. He was already hot and hard.

Nagmulat siya ng mga mata.

Nakaharap ang babae sa kanya, nakapikit ang mga mata. Napakahaba at napakaitim ng mga pilikmata nito at tila nagliliwanag ang balat sa sinag ng araw. Parang ito iyong isa sa mga French dolls ni Shelly noon.

Si Shelly. Umikot ang isipan niya.

*I'm Allison. Allison Ortiz. I'm Shelly's friend. She said I can use the house tonight.*

F*ck.

Kaibigan ito ni Shelly.

Mabilis siyang nag-isip. Kilala niya ang mga kaibigan ng kapatid niya. Sigurado siyang maalala niya ang isang babaeng katulad ng katabi niya ngayon. Allison may not be supermodel material like Kate, but she was still very pretty. And there was a certain air of innocence around her that stirred a man's protective instincts. And lust. Definitely lust.

Ipinilig niya ang ulo para alisin ang isip doon.

Naihilamos niya ang isang kamay sa mukha.

Ano ba itong napasok niya? How could he have been so—

Malutong siyang napamura nang may isa pang maalala.

He did not use protection, for f*ck's sake! And she had been a virgin, too!

The memory of breaking through her barrier, the feel of something giving way as he thrust inside her brought a sharp jolt of lust to his already fully hard shaft.

"F*ck, f*ck, f*ck!" mahina niyang mura. This was not good.

And he wanted to be inside her again.

Umungol si Allison sa tabi niya at nanigas siya. Bahagya itong gumalaw at naging sanhi iyon upang bumaba nang kaunti ang nakatabing na kumot sa dibdib nito.

He swallowed hard as those mouthwatering breasts came into view. It took all of his will power not to cup those breasts and cover those rosy peaks

with his lips.

Agad siyang umikot patalikod dito at marahas na tumayo mula sa kama. Umikot sandali ang paningin niya pero mabilis niyang pinilit makabawi. Hinagilap niya ang pantalon niya.

"Mmm…"

Muli siyang nanigas nang marinig ang ungol nito. Pigil ang hiningang lumingon siya sa babae.

Unti-unti na itong nagigising. It was like watching a rose bloom. Itinaas nito ang dalawang braso upang mag-inat at lalong dumausdos pababa ang kumot nito. She arched her back, and her breasts jutted out into the air.

His hardness twitched in response.

She was exquisite. Her full breasts were high and firm. They were not ridiculously big, they were just the right size for him to cup and squeeze.

Bumuntong-hininga ito at kuntentong inilapat uli ang likod sa kutson, pagkatapos ay dahan-dahan itong nagmulat ng mga mata.

He found himself staring back into a pair of dark, beautiful eyes. May pinukaw ang mga mata nito sa kanyang alaala. He had seen those eyes before. Sa

isang alaala mula sa isang panahon kung saan mas masaya ang lahat.

"Oh, God!"

Napaigtad si Seb sa pagsinghap nito. Agad siyang bumalik sa kasalukuyan. Malalaking matang nakatitig sa kanya si Allison.

Nakita niyang namumuo ang luha sa mga mata nito at gusto niyang tadyakan ang sarili.

"Hey." Agad siyang bumalik sa kama at hinila ito palapit sa kanya.

Tuluyan na itong napahagulgol sa kanyang dibdib. Ang sama-sama ng pakiramdam niya. Marahan niyang isinuklay ang mga daliri sa mahaba at malambot nitong buhok upang aluhin ito. Gusto niyang sabihin na hindi nito kailangang mag-alala, na magiging okay ang lahat, pero hindi niya magawa.

He could have gotten her pregnant, damn him.

"I'm sorry, I'm sorry," ang tangi niyang nasabi.

Umiling ito sa kanyang dibdib. "No, I'm sorry." Itinulak siya nito at itinaas ang mukha sa kanya.

May luha pa rin sa magaganda nitong mga mata. The way she tried to look brave despite the tears in

her eyes stirred something painful in his chest.

“It’s my fault, I practically begged you to sleep with me. I’m sorry, I’m just so ashamed right now, I’m—”

“Shh.” Tinuyo niya ang luha sa mga pisngi nito, ang mga daliri niya, hindi mapigilang haplusin pa rin ang mukha nito kahit tumigil na ang dalaga sa pag-iyak. Everything about her seemed so soft. “It’s not your fault, it’s really nobody’s fault. But let’s not talk about that. Pag-usapan na lang natin kung ano’ng gagawin natin ngayon.”

Para itong batang suminghot at hindi niya napigilan ang mapangiti. Inilapat ni Allison ang likod ng kamay sa pisngi nito.

“Okay,” usal ng babae. Tumitig ito sa mga mata niya at wala siyang nagawa kundi ang tumitig din dito.

He suddenly became aware of their position.

They were still buck naked. Nakalilis pa rin ang kumot sa baywang nito at nakadikit ang malambot na dibdib sa kanya. Nakalapat ang palad niya sa likod nito at nakadantay ang isa nitong binti sa kanyang kandungan.

All he had to do was nudge her a little so he could sink into her warmth.

Nanginginig itong nagpakawala ng hangin pero hindi gumalaw para itulak siya. Ni hindi rin siya nagtangkang lumayo.

"Uhm…" anito.

Bumaba ang kanyang tingin sa mga labi nito. Nakaawang ang mga iyon at napakapula. Gusto niyang kagatin at sipsipin ang mga iyon.

Alam niyang hindi niya dapat gawin, he already messed up big time. Hindi niya kailangang dagdagan pa. Isa pa, ngayong umaga hindi na niya puwedeng gamitin ang dahilan na lasing siya.

Pero sa unang pagkakataon sa loob napakahabang panahon, naramdaman niyang muli ang kung anong init sa kanyang dibdib. It was the same fire he felt last night when he saw her. It was the same fire he used to have when he would paint for hours on end. It was the same fire he used to have when he was still full of hopes and dreams.

Hinawakan niya ito sa batok at iniangat ang mukha nito sa kanya.

She had the softest lips, velvety and smooth. And

she was the sweetest, too. Like honey and vanilla, like morning sunshine and early summer rain.

Pumulupot ang mga braso nito sa kanyang leeg upang yakapin siya nang mahigpit. He groaned in approval, snaking his own arms around her to pull her even closer. The feel of her naked breasts pressing against his chest reminded him of his throbbing arousal.

God, he wanted her.

Hindi niya ito dapat gawin. Ipinangako niya sa sarili niya na hindi na siya magiging iresponsable ulit, hindi na siya magiging padalus-dalos ulit, hindi na niya bibiguing muli ang mga taong nakapaligid sa kanya.

But he couldn't stop himself, didn't want to stop himself. Itinulak niya ito pabalik sa kama at hinawakan ang isang binti nito upang itulak pabuka.

"I want you," he rasped, rubbing his aching hardness against the tender flesh between her thighs."I want you."

Kinuha niya ang kamay nito upang ilapat sa pagnanasa niya. Mahina siyang napamura nang pumulupot ang mga daliri nito sa kanya.

"I want you, too," bulong nito at iyon lang ang kailangan niya.

---

Wala na ito sa tabi niya nang muli siyang magising. Kumabog ang dibdib ni Sebastian at napabalikwas siya ng bangon. Malapit na siya sa pinto ng silid nang bumukas ang pinto ng banyo.

Nakatayo roon si Allison, nakayapak at nakasuot ng shorts at malaking T-shirt. Medyo basa ang buhok nito at tila bagong ligo. Her skin looked radiant and pinkish.

"Hey," aniya, pilit itinatago ang pagkataranta.

"Hey," sagot din nito at namumulang iniiwas ang tingin sa kanya. Saka niya napagtanto na wala siyang anumang saplot sa katawan.

Mahina siyang napamura at agad hinagilap ang pantalon sa sahig. Mabilis niya iyong isinuot.

Nang kahit papaano ay disente na ang hitsura niya, hinarap niya ulit ang babae. Nakatitig pa rin ito sa sahig.

"Uh, Allison, uhm." *Shit.* Gusto niyang kutusan ang sarili.

Nagtaas ito ng tingin sa kanya at maliit na ngumiti. Imagination lang ba niya, o parang dumoble ang bilis ng tibok ng puso niya?

"Uhm, magtitimpla muna ako ng kape sa kitchen 'tapos d'un na lang tayo mag-usap?" suhestyon nito.

He swore under his breath. Iyon din dapat ang sasabihin niya. Agad siyang tumango. "Okay."

Tumango rin ito at malalaking hakbang na tinungo ang pinto. Naiwan sa kanya ang amoy ng mansanas at strawberries nang dumaan ito. Naramdaman niyang muli ang pakabuhay ng pagnanasa at mariin niyang kinagat ang labi upang pagalitan ang sarili.

Lumabas ito ng silid at marahang isinara ang pinto.

Nagpakawala siya ng malalim na hininga.

Damn. He needed to stop acting like a horny teenager around her!

Nahilot niya ang noo at napatitig sa harap ng pantalon.

He needed a cold shower.

Nakaupo si Allison sa isang stool sa counter nang pumasok siya sa kusina. May umuusok na kape sa

harapan nito pero tila hindi naman nito pansin iyon. Nakatitig lamang ito sa bintana.

Sinadya niyang laksan ang mga yabag upang mapansin siya ng babae.

Napaigtad ito at napatingin sa kanya.

Gumapang ang kulay sa pisngi nito at pinigil niya ang mapaungol. Kung alam lang ni Allison ang ginagawa nito sa kanya kapag namumula ito nang ganoon.

Umupo siya sa tabi nito. The warm scent of apples and strawberries attacked his senses once more, and he tried his best to ignore it.

“Coffee?” alok nito.

“Yes, please.”

Inabot nito ang pot ng kape sa ilalim ng coffeemaker at sinalinan ang isang mug. Tumatama ang sinag ng araw mula sa bintana sa buhok nito at nagkukulay-pula iyon.

*Highlights?*

He had a feeling it was her natural hair color.

“Thanks,” aniya nang iniabot nito ang mug sa kanya.

Hindi nakalagpas sa pansin niya na nag-ingat itong huwag magdampi ang mga daliri nila. He forced himself not to frown.

"So, uh…" simula nito. "About what happened, it's okay. Alam kong nakainom ka kagabi, and well, I was kinda lonely last night and I wasn't thinking straight. And this morning, it was just the atmosphere. Nadala lang tayo, it's okay."

Mariin itong nakatitig sa kanya kahit kitang-kita niya ang pamumula ng mga pisngi nito. Sinusubukan ng kaharap na magmukhang matapang pero kitang-kita ang takot nito.

Napabuntong-hininga siya. "It's not that simple, Allison."

Tumuwid ang likod nito at pinigil niya ang pagnanais na hawakan ito sa braso. The urge to soothe her was strong. Nagpatuloy siya.

"We didn't use protection, you could get pregnant. We can't just forget about it and pretend it didn't happen. Not right now, at least."

Nanatili itong nakatitig lang sa kanya nang ilang minuto. Akmang aabutin na niya ang babae upang tanungin kung ano ang problema nang malamlam itong ngumiti.

"You don't have to worry about that, hindi ako puwedeng mabuntis."

Natigilan si Sebastian roon.

"I had ovarian cancer when I was little, kinailangang tanggalin pareho ang ovaries ko bata pa lang ako. I'm okay now. Mahigit sampung taon na 'kong cancer-free. Pero dahil wala na 'kong ovaries, I can never have children."

Ano'ng tamang isagot doon? Tila napakababaw ng 'sorry'.

Naalala niya nang mamatay si Daniel, lahat ng nakakasalubong niya sinasabihan siya ng condolence. Alam niyang mabuti ang intensyon ng mga taong iyon, pero tila napakababaw ng salitang iyon, hungkag. It didn't help, no words helped.

Nothing helped.

"It's okay, matagal nang nangyari 'yon. Tanggap ko na matagal na," usal nito, parang naramdaman ang kanyang pagkabalisa.

Lumunok siya upang palisin ang bikig sa lalamunan.

"You said you're Shelly's friend," aniya.

“Yes, magkaibigan kami mula high school.”

Natigilan siyang muli roon. “High school? So dito ka rin sa Batangas nag-high school?”

“Yes.”

Umikot ang isip niya. “Then…”

“Yes, dito ako nakatira noon, actually dito din ako ipinanganak. Sixteen na ’ko n’ung umalis kaming mag-anak dito. Ilang beses na rin akong nakapunta sa bahay n’yo n’ung high school kami ni Shelly. Ilang beses na rin kitang nakita noon.”

Ngayon ay talagang hindi na siya makapagsalita. Nagpupunta ito sa bahay nila noon? Alam niyang pamilyar ang mukha nito, pero hindi siya makapaniwalang hindi niya ito maalala samantalang naging ganoon ito kalapit sa kapatid niya.

Maikli itong tumawa at nagustuhan ni Seb ang tunog niyon.

“Hindi mo ’ko maalala. Okay lang. Hindi ko rin maalala ang sarili ko. I’m not really memorable.”

Bumuka ang bibig niya upang pabulaanan iyon, pero mabilis na itong nakapagpatuloy.

“Payatot ako n’un ’tapos may braces. Marami din

akong pimples. Hindi rin ako madalas sa bahay n'yo, mga tatlo o dalawang beses lang yata 'yun. You're six years older than me at napakatagal na talaga n'un. Don't feel bad that you don't remember me."

He felt bad, all right. And the fact that she didn't mind his obliviousness made him feel worse.

"So, sa Manila kayo lumipat?" paghingi niya ulit ng impormasyon. He wanted to redeem himself in her eyes.

"Yes, may kaibigan si Papa na nag-offer sa kanya ng magandang trabaho sa isang accounting firm kaya tinanggap niya."

Tumango siya. So galing itong Manila. Ang naaalala niyang tanging kaibigan ni Shelly na lagi nitong binabanggit na nasa Manila ay si Ally.

Napatuwid siya ng upo. Napapikit siya at lihim na napamura. *Of course!* Ito si *Ally*!

Si Ally na bukambibig lagi ni Shelly. This was Allison a.k.a. Ally.

Umungol siya at nahihiyang nagmulat upang titigan ang katabi.

Maliit itong nakangiti sa kanya. She had such a pretty smile.

"Ikaw 'yung Ally na laging binabanggit ni Shelly."

Lumawak ang ngiti nito at sa pagkakataong iyon, sigurado siyang hindi niya lang imahinasyon, talagang dumodoble ang bilis ng tibok ng puso niya sa pagngiti nito.

"Oo, ako nga 'yon."

"I feel so stupid right now."

"It's okay, guwapo ka pa rin naman."

Pareho silang natigilan doon. Pagkatapos ay tumodo ang pamumula ng buong mukha ng kaharap at hindi niya napigilan ang pagngisi.

"You think I'm handsome?"

Napakagat-labi ito at napasimangot. "You know you are."

"Well—"

"Kuya Seb! Ano'ng ginagawa mo rito!"

Pareho silang napaigtad ni Allison nang marinig ang boses ni Shelly. Napalipad pareho ang tingin nila sa pintuan.

Nakapamaywang si Shelly roon. Naka-trademark mini-skirt at four-inch heels ito. Nagmartsa ang

bagong dating palapit sa kanila na para bang sasabak ito sa giyera.

"Bakit 'andito ka? Dito ka ba natulog? Ally wanted to be alone last night! Ayaw mo sigurong umuwi kagabi kasi natakot kang talakan ka na naman ni Mommy tungkol kay Kate, 'no! I told you, kumalas ka na sa malanding 'yon. God, Kuya Seb, that sex video is too much. Nakakadiri talaga 'yung babaeng—"

"Stop it, Shelly." Napatayo siya mula sa kinauupuang stool. Ramdam niya ang pagdaloy ng galit sa kanyang mga ugat dahil sa masasakit na salitang binitawan ni Shelly patungkol kay Kate.

"Kuya Seb, ano ba! She's been cheating on you with practically every guy in this town since God knows when! At n'ung nag-artista siya lalong lumala 'yon. Kailan ka ba magigising sa haliparot na—"

"You don't know anything about her so stop talking like that about her."

"Ikaw ang hindi nakakakilala sa kanya. Ayaw mo lang makita ang totoo dahil baliw na baliw ka sa kanya! Kagaya siya ng haliparot niyang nanay—"

"Shut up, Shelly!" Dumagundong ang boses niya sa kusina at tuluyan nang napatikom doon ang

kapatid niya. Tumiim-bagang siya at napakuyom-palad.

Guilt and pain pierced him like shards of glass.

Ano ba ang ginagawa niya rito sa villa?

Parang inihagis siya pabalik sa katotohanan nang marinig niya ang pangalan ni Kate. Tila nasa loob siya ng isang babasaging bula kagabi at nitong umaga.

Allison made him forget who he was for a while.

Pero ngayong narinig niya ang pangalan ni ng nobya, tila bumulusok siya pabalik sa lupa.

Mapait niyang tinitigan ang kapatid.

"You never gave Kate a chance. Kahit n'ung mga bata pa tayo ganyan na ang trato n'yo sa kanya. Lahat kayo hinusgahan n'yo agad siya dahil sa pagiging kabit ng nanay niya. It was not her fault. None of that was her fault. You and everyone else in this town are just full of hypocritical bullshits."

Tinalikuran niya ang kapatid at malalaking hakbang na tinungo ang pinto ng kusina. He shouldn't be here. This was all a f*cking mistake. He should be with Kate right now. She needed him.

"At nagkamali ba kami?" sigaw ni Shelly. "Sinasabi

mo ba na hindi totoo ang mga chismis sa kanya? Na hindi siya ang nasa sex video na ’yon at hindi totoong nagtaksil siya sa ’yo? Ngayon mo sabihin, Kuya Seb, panghuhusga pa rin bang matatawag kung totoo naman?”

Hindi niya ito pinansin at tiim-bagang siyang lumabas ng silid.

---

Mariing pumikit si Sebastian habang mariing nakapulupot ang mga daliri niya sa manibela ng sasakyan. Kasalanan niyang lahat kung bakit nangyari iyon kay Kate. Kasalanan niyang lahat kung bakit nagkaganoon ang dalaga. It was all his fault. All his fault.

Dumaloy sa kanyang isipan ang magandang mukha ni Kate habang umiiyak ito kagabi. Nanikip ang dibdib niya.

Mariin siyang tumitig sa bahay-bakasyunan sa kanyang gilid. Halos nakikita niya si Allison habang nakaupo ito sa stool sa kusina kasama si Shelly. The sunlight was on her hair, on her skin, on her smile. Ipinilig niya ang ulo.

He should stop this. Last night was a mistake. This morning was a mistake. He couldn’t afford to

keep making mistakes.

Muling dumaloy ang imahe ni Kate sa kanyang isipan at muli siyang nilunod ng sakit at pait hanggang sa tila nauupos na siya. Just the thought of her hurting was killing him.

Humarap siya sa kalsada at binuhay ang makina ng sasakyan. Gumapang ang magkahalong takot at sakit sa bawat himaymay ng kanyang katawan nang umugong ang makina. Walong taon na ang nakakaraan pero ganoon pa rin ang pakiramdam niya sa tuwing magmamaneho siya. Marahil ay hindi na iyon magbabago. Hindi niya ito matatakbuhan. Hindi niya ito dapat takbuhan.  Wala siyang karapatan.

Nanginginig niyang pinihit ang manibela upang paandarin ang sasakyan palabas ng parking.

“It would always be like this. Right, Daniel?” usal niya sa kawalan.